

# *Salamat San Diego sa paggamit mo ng iyong berdeng bin!*



***Narito ang ilang paalala at tip para gawing madali ang iyong pagsisikap sa pagre-recycle ng organikong basura!***

## **Ang pagre-recycle ay hindi kasing-hirap ng inaakala – panatilihin itong simple.**

Magsimula sa maliit sa anumang organikong basura (mga tirang pagkain, papel na may dumi ng pagkain, basura sa bakuran) na pinakamadali para sa iyo, balat man ito ng saging, giniling na kape, ginamit na napkin ng papel o mga dahon mula sa iyong bakuran.

## **Lingguhan na ngayon ang pagkolekta sa berdeng bin.**

Huwag hayaang maiwan ang iyong organikong basura sa loob ng berdeng bin nang matagal at hanggang sa maging nakakadiri na ito. Tuwing linggo, sa parehong araw ng pagkolekta ng iyong basura, ilagay ang iyong berdeng bin sa labas sa may bangketa kahit na hindi pa ito puno (**Lingguhan din ang pagkolekta sa mga itim na bin ng basura; ang mga asul na bin na pang-recycle ay kinokolekta pa rin kada dalawang linggo.**)

## **Lahat sa loob ng bin.**

Mangyaring putul-putulin ang iyong mga halaman at sanga, kabilang ang mga Christmas tree, para magkasya sa loob ng berdeng bin upang maisara ang takip nito. Ang mga nakalabas na bagay mula sa bin ay maaaring mapanganib at magdulot ng panganib sa kaligtasan sa oras ng proseso ng awtomatikong pagkolekta.

## **Panatilihin itong malinis.**

Linisin ang anumang natitira sa loob ng iyong berdeng bin at banlawan ng tubig paminsan-minsan. Huwag mag-atubiling gumamit ng mga papel na bag para mangolekta ng organikong basura. Gayunpaman, ang mga plastik na bag at ang mga plastik na nako-compost/nabubulok ay hindi maaaring ilagay sa berdeng bin.


## **May libreng pangalawang berdeng bin!**

Isaalang-alang ang pag-order ng libreng pangalawang berdeng bin (35-, 65- o 95-gallon ang laki) kung napansin mong mas marami kang organikong basura kaysa sa kayang magkasya ng isang bin. Ang pangalawang berdeng bin ay libre at walang isang-beses na singil para sa anumang mga karagdagang berdeng bin. Makukuha nang libre ang mga berdeng bin sa 8353 Miramar Place o nang may singil na \$25 para sa paghahatid. Tingnan ang likod na pahina para sa higit pang mga detalye.

## **Alamin pa ang tungkol sa iyong berdeng bin sa [OrganicWasteRecycleSD.org](http://OrganicWasteRecycleSD.org)**

### **Mga Opsyon para Mag-order ng Karagdagang Lalagyan:**

 Get It Done App sa [sandiego.gov/get-it-done](http://sandiego.gov/get-it-done).

 Tumawag sa **858-694-7000**.

 Mag-email sa [trash@sandiego.gov](mailto:trash@sandiego.gov).

Makatipid ng \$25 na singil sa paghahatid sa pamamagitan ng pagkuha ng lalagyan mula sa Environmental Services Department, Collection Services Division 8353 Miramar Place, San Diego. Bukas mula Lunes – Biyernes 8 a.m. – 4 p.m.

**Ang mga ini-recycle na organikong basura ay gumagawa ng mahalagang compost, na magagamit upang mabigyan ng sustansya ang ating mga hardin, parke, bukid at bukas na espasyo.**

